

# 1

Nakapangalumbaba si Cheyenne sa harap ng telebisyon at parang may mga bituing kumukuti-kutitap sa kanyang mga mata habang nakatunganga sa modelo ng sport bike commercial—si Joe.

Sa nasabing commercial ay nag-uunahan ang mga sport bike riders. Lahat ay pinakain ng alikabok ni Joe na siyang bida, emphasizing the speed of his sport bike. Nang marating nito ang finish line ay dahan-dahan nitong hinubad ang suot na helmet at tumambad sa mga tao ang napakaguwapo nitong mukha. Nag-focus ang camera sa mukha ng binata nang simpatiko itong ngumiti at kumindat pagkatapos ay nilapitan ito ng isang ubod ng ganda at seksing babae.

“I like your bike,” sabi ng huli sa nang-aakit na boses, “but I like you more,” dugtong nito, sabay pulupot ng mga kamay sa batok ni Joe at matamis na nagngitian ang dalawa.

Napaismid siya. “Asus! Ang landi! Di-hamak namang mas bagay kami ni Joe kaysa sa mukhang praying mantis na babaeng ’yan.” Muli niyang pinagsawa ang mga mata sa katitingin sa binata.

Jose Petrito de Hugo—o mas kilala sa tawag na ‘Joe’—looked like a dashing knight of the new generation. Rugged and rough lalaking-lalaki ito kahit saang anggulo tingnan. He was oozing

with sex-attractant pheromones. The man stood six feet two inches tall. All brawn, no fats.

Joe was an extreme sports enthusiast; daredevil blood ran through his veins. Isa itong permanenteng mukhang makikita sa mga sport events. The more dangerous the game, the more likely he'd be seen around. Strong suit nito ang extreme motorsport at nag-co-compete ito worldwide. Katunayan ay hawak nito ang titulo bilang pinakamahusay sa naturang larangan.

Tatayo na sana siya nang matapos ang advertisement, ngunit biglang umulit ang commercial ni Joe kaya dagli siyang napaupo ulit at muling nangalumbaba. Sa ikalawang beses ay naghugis-puso ang mga mata niya habang nakatuon ang pansin sa matikas na sportsman.

“Hay, ang guwapo niya talaga!” nangangarap niyang saad. She batted her eyelashes na animo nagpapa-cute sa modelong nasa TV screen kahit hindi naman siya nito nakikita.

Pinagmasdan niyang maigi ang hitsura ng lalaking iniidolo at halos sambahin na niya dahil sa tindi ng paghanga niya rito. The man had a pair of intimidating eyes, emerald-green ang kulay with gray outline around the iris—a relatively rare eye color, to speak of. Straight-edged nose, thin lips and furrowed eyebrows completed his strong features.

Humugot siya ng malalim na paghinga at inilapat ang nguso sa screen ng telebisyon hustong nag-focus ang camera sa

guwapong mukha ni Joe. “Mwah! Tsup! Ano?” Inilagay niya ang kamay sa likod ng tainga na animo nakikinig sa modelo bago bumungisngis. “Isa pa? Abuso ka na, ha! Naku, kung hindi lang kita labs! Sige, pikit mo’ng mga mata mo, pikit mo—Ouch!”

Napangudngod siya sa TV nang malakas siyang batukan ng kanyang pinsan na kanina pa pala nakamasid sa kabaliwang pinaggagawa niya.

“Ano ba, Alice! Sinisira mo naman ang moment namin ng labs ko, eh.”

“Anong moment? Alam mo ikaw, luka-luka ka talaga. Ang mabuti pa’y tumayo ka na diyan, maligo, kumain at lumarga na tayo. Wala ka ’atang ganang buksan ang *Kostyum* shop mo ngayon, eh. Tutunganga ka na lang ba rito habang-buhay sa harap ng TV?” nakapamaywang na saway nito sa kanya.

Ang *Kostyum* shop na sinasabi ni Alice ay ang naitayo niyang negosyo mula sa ilang taong pagpapakapagod bilang call center agent. Nagbebenta at nagpapa-rent siya ng iba’t ibang costumes para sa kahit na anong okasyon.

Itinirik niya ang mga mata. “Killjoy ka talaga!” Padabog na siyang tumayo at nagtungo sa banyo.

---

Malakas na naghikab si Cheyenne habang binabagtas ang kahabaan ng main highway patungong *Kostyum*. Mataas na ang

sikat ng araw at masakit na rin sa balat ang init na nanunuot sa kanyang lumang yellow *Volkswagen Beetle*. Para silang pinipritong isda sa loob niyon.

Ilang beses na rin siyang kinumbinsi ni Alice na bumili na ng bagong sasakyan kahit na iyong second-hand lang dahil masyado na raw luma ang *Beetle* niya. bukod sa natutuklap na ang pintura ay madalas pa silang itirik sa daan. Ngunit tigas-tanggi siya sapagkat malaki ang sentimental value ng kanyang *Beetle*. Fifty percent ng ibinayad dito ay mula sa mga magulang niyang nasa probinsya at fifty percent ay mula sa sarili niyang bulsa.

Napabuntong-hininga siya. Ang *Beetle* ang huling bagay na masasabi niyang kahit papaano ay regalo na rin ng parents sa kanya bago siya naging estranged daughter. Hindi kasi niya sinipot ang kasal sa anak ng mayor ng kanilang probinsya. Hindi niya mahal ang lalaki. Dahil doon ay itinakwil siya ng mga magulang, kaya napilitan siyang makipagsapalaran sa Maynila.

Ipinilig niya ang ulo at muling naghikab. Bahagya niyang tinapunan ng tingin ang pinsang tulog na tulog sa passenger seat katabi niya. “Sarap ng tulog,” nangingiti niyang komento at ibinalik ang mga mata sa kalsada.

Sinulyapan niya ang wing mirror to make sure that the road was clear at nag-signal light siya, sabay kabig ng manibela pakaliwa. Ginulantang siya ng malakas na busina. Namutla ang kanyang mga labi sa nakita.... humahagibis ang isang *Ducati* motorbike patungo sa kanyang direksyon! Her car swerved

sharply to avoid the motorbike.

“Anak ng gorilyang mabaho ang hininga naman, o!” nagngangalit ang mga ngipin niyang bulalas. Nakasunod pa rin ang mga mata niya sa motorbike.

“What happened?” nanlalaki ang mga matang usisa ni Alice, halatang naalimpungatan. Sapo nito ang kanang balikat na marahil ay tumama sa gilid ng kotse.

“Muntik na tayong mabangga ng tarantadong motorsiklo!”

“Ha? Saan?” Nagpalinga-linga ito.

“Hayun, o!” turo niya sa motorsiklong abot pa rin ng kanyang mga mata dahil nag-red light. “Bumaba ka nga muna, Alice. Mag-taxi ka na lang papuntang shop.” Dumukot siya ng two hundred pesos sa bulsa at iniabot iyon sa pinsan.

“B-bakit?” naguguluhan pa ring tanong nito.

“Basta. Baba na. Dali! May papatayin akong demonyo!”

Kahit na halatang disoriented at confused ay bumaba na rin si Alice dahil nagiging abala na sila sa cross intersection. Pagkababa ng pinsan ay kaagad niyang pinaharurot ang kanyang sasakyan.

“Babalian ko talaga ng buto ang ungas na iyon!”

Malapit na siya sa bandang puwit ng motorsiklo nang biglang nag-switch sa green ang traffic light. Tumalilis kaagad

palayo ang *Ducati*, pero mabilis ang mga reflexes niya at kaagad niyang pinatakbo ang kotse. Susundan niya talaga ang gagong driver na iyon. Muntik na silang madisgrasya nito, pero hindi man lang ito tumigil para humingi ng dispensa o kaya ay tingnan kung ayos lang ba ang lagay nila.

Pumasok ang motorsiklo sa isang exclusive subdivision.

“Mayaman pala ang ungas kaya parang hari ng kalsada kung umasta. Puwes, kahit siya pa ang pinakamayamang Poncio Pilato sa buong mundo ay patitikimin ko pa rin siya ng ngitngit ko,” palatak niya.

Sumaludo ang lalaki sa guard bago tuluy-tuloy na pumasok. Nang siya naman ang tumapat sa unipormadong bantay ay ginaya niya rin ang ginawa ng lalaki, subalit hindi man lang nito inalis ang nakaharang na kahoy sa main entrance bagkus ay nilapitan pa siya nito at inusisa.

“S’an po ang punta natin, Ma’am?”

“Sa bahay n’ong mamang nakamotorsiklo.”

Nagsalubong ang mga kilay ng guard, halatang hindi nagustuhan ang isinagot niya. “Sorry po, Ma’am, hindi po kayo puwedeng pumasok.”

“Ano? Bakit hindi? May atraso sa ’kin ang kulangot na ’yon!” hiyaw niya.

“Ma’am, huwag po kayong manggulo rito. Umalis na lang

ho kayo nang maayos.”

“Ah, gan’un?” nakataas ang kilay niyang sagot. Bumaba siya ng kotse at hinarap ang guard. “Hindi talaga p’wede?” Umiling ito. “Ah, okay. Madali naman akong kausap, eh. Hindi pala puwede.” Umakto siyang kunwari ay lululan ng kotse, ngunit nang tumalikod ang lalaki ay mabilis siyang kumaripas ng takbo papasok ng subdivision.

“Hoy! Bumalik ka rito!” sigaw sa kanya ng guard.

Hindi niya ito nilingon. Nag-dirty finger lang siya. Alam niyang humahabol ito sa kanyang likuran, kaya nagkubli muna siya sa nadaanang mayayabong na halaman.

“Nasaan na iyon?” nagkakamot sa batok na tanong ng guard sa sarili.

Sandali muna niyang kinalimutang huminga. Itinakip niya ang kamay sa bibig at hindi gumalaw kahit na kaunti hangga’t hindi lumalayo ang guwardya.

“Whew! Umalis din sa wakas.” She exhaled roughly and stood up, sabay pagpag ng dumikit na mga damo sa kanyang damit at balat. Nagsimula siyang maglakad-lakad, sinisipat niya ang motorbike sa bawat maraanang bahay.

“Huli ka!” Napatalon siya sa tuwa nang matagpuan ang hinahanap. “Sus, ang baba ng gate. Ang daling akyatin.” Itinaas niya sa balikang ang sleeves ng kanyang blouse. She tightened her

grip on the metal gate and pulled herself upward. Mabilis siyang nakasampa sa itaas at pababa na sana nang may biglang nagsalita.

“Hey, what do you think you’re doing?”

Sa pagkabigla ay nawalan siya ng balanse at bumagsak sa semento. Napahiyaw siya sa sakit habang sapu-sapo ang puwit.

“Huwag kang umarte diyan, Miss!” iritadong sita sa kanya ng isang boses-lalaki.

Nagpanting ang tainga ni Cheyenne sa narinig. Sumikdo ang galit sa kanyang dibdib. *Anak ng tipaklong! Maitim talaga ang budhi ng taong ’to!* Naikuyom niya ang kamao habang nakatuon pa rin ang mga mata sa semento. Pag-angat niya ng ulo ay sabay ring umangat ang kamao niya at lumanding iyon sa mukha ng estranghero. Sapul ito sa kanang mata.

“The f\*ck!” sigaw ng lalaki. Tutop nito ang matang tinamaan ng suntok niya.

“Iyan ang bagay sa ’yo, gorilya ka! Buti nga iyan lang inabot mo. Gusto pa sana kitang tadyakan, eh!” bulyaw niya sa kaharap. Hindi niya mabistahan ang mukha nito dahil sapu-sapo nito ang mata, madilim ang lugar at isa pa’y napakatangkad nito sa taas na humigit anim na talampakan.

“What the f\*ck is your problem, lady!” Dinaklot nito ang braso niya at hinila siya sa tabi ng wall mounted gate light.

“Aray! Bit...” Her jaw dropped. The light bathed the man’s



face, making it possible for her to see his face clearly at hindi siya makapaniwala sa nakikita ng kanyang mga mata. Nag-tumbling at nag-split ang kanyang puso. “J-Joe!”

Nang-uuyam ang tawang kumawala sa mga labi nito before he carelessly let go of her arm. “Nakita mo lang ang mukha ko’y para ka na diyang kunehong nabahag ang buntot. Women!”

Hindi na napagtuunang pansin ni Cheyenne ang pang-iinsulto ni Joe dahil namanhid na ang kanyang puso sa sobrang kilig. Wala sa sariling hinaplos niya ang parte ng braso na hinawakan nito habang parang tangang nakamata sa mukha nito.

“Miss, umuwi ka na, baka hinahanap ka na ng mga anak mo.”

Mabilis siyang umiling at labas-ngiping ngumiti. “Wala pa akong anak, ’no!” Nagpaikut-ikot siya sa harapan ng binata. “Sa ganda ng figure kong ’to, napagkamalan mong may mga *chikitirs* na ako? *Charutero* ka rin, ah. ’Nga pala...” Taranta niyang kinapa ang bulsa at hinugot ang isang piraso ng lukot na papel mula roon saka inabot iyon sa naiiritang binata. “Pa-autograph naman, idol! Mas guwapo ka pala in person, grabe! Hmph, guwapo mo!” Gigil pa niyang pinisil ang pisngi ni Joe. Tinampal naman nito ang kamay niya. “Ouch, ha! Bigat ng kamay mo. Idol, pa-autograph.”

“No.”

“Sige na,” pangungulit niya.

Napabuga ito ng hangin. “Umalis ka na, Miss, bago ko pa tawagin ang security guard.”

As if on cue ay biglang sumulpot ang guwardya at maagap na lumapit sa kanila. Hinawakan siya nito sa braso matapos itong pagbukisan ng gate ni Joe.

“Sir, ginugulo ho ba kayo ng babaeng ’to?” tanong nito sa binata bago siya binalingan. “Naku, ikaw, pasaway ka talaga. Kanina pa kita hinahanap. Pasensya na po kayo, Sir, basta na lang ho kasi ’tong tumakbo papasok ng subdivision. Susundan daw po kayo.”

Lalong nagsalubong ang mga kilay ni Joe sa narinig. “What? Susundan ako? Bakit?”

“Muntik mo na kasi kaming mabangga kanina sa highway. I thought I needed to teach you a lesson,” malumanay niyang sagot. Kanina lang ay gustung-gusto niyang ulanin ng mura at sapak ang lalaki, ngayon ay gusto niya namang pupugin ito ng halik. Malay ba niyang sa dinami-rami ng tao sa mundo ay si Joe pa pala ang makakaengkuwentro niya sa daan. Kung ito lang naman ang papatay sa kanya ay buong puso niya iyong tatanggapin. Hindi niya namalayang napapangiti na siya sa itinatakbo ng kanyang isip.

“Manong Pepe, palabasin n’yo na ’yan ng subdivision at mukhang nababaliw na yata. Tingnan mo at ngingiti-ngiti pa.”

“Tara na, Ma’am, sumama na ho kayo sa akin.” Hinila na

*Stalking The Devil - Ingrid De La Torre*

---

siya ng guard palabas ng gate. Nang akmang isasara na ni Joe ang tarangkahan ay ipiniksi niya ang brasong hawak ng guard at maagap na tumakbo palapit sa binata. Kahit na may bakal na nakapagitan sa mga katawan nila ay nagawa pa rin niyang hilahin ang kuwelyo ng polo shirt ng kanyang idol at matunog itong hinalikan sa pisngi, sabay singhot sa leeg nito.

“Ang guwapo mo! Bangu-bango pa!” Siya na mismo ang kumaripas ng takbo pabalik sa main entrance ng subdivision matapos ang ginawang nakaw na halik kay Joe.